


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 6: Mga Patakaran at Programa sa Panahon ng Administrasyon ni Pangulong Carlos P. Garcia (1957-1961)



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Nikkie Lyne A. Arcosiba |
| **Editor:** | Ryan G. Tulod |
| **Tagasuri:** | Ryan G. Tulod, Jeneliza C. Panes, Lujizzl Jane S. Dela Peña |
| **Tagaguhit:** | Tomas D. Cabatuan Jr. |
| **Tagalapat:** | Ryan G. Tulod |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools Division Superintendent<br>Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent<br>Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent<br>Juliet A. Magallanes, EdD - CID Chief<br>Allan R. Caballero, DTE – EPS-LRMDS<br>Alma L. Carbonilla, EdD – EPS-Araling Panlipunan |



## Alamin

Pagkatapos ng modyul, ikaw ay inaasahang:

- Natatalakay ang mga programang ipinatupad ng Administrasyong Carlos P. Garcia sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1957 hanggang 1961.



## Balikan

Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng talatang nasa kahon, balikan ang mga naging programa at patakaran ng administrasyon ni Pangulong Magsaysay noong 1953-1957. Isulat ang tamang sagot sa iyong activity notebook.

> Tandaan Mo!
>
> Ang karaniwang tao ang naging pokus ng administrasyon ni Pangulong Ramon Magsaysay. Tinaguriang "Tagapagligtas ng Demokrasya" si Pangulong Magsaysay dahilan sa kanyang ginawang pagtataguyod ng demokrasya sa pamamagitan ng pagliligtas sa Republika sa banta ng mga ____________. Ipinatupad ni Magsaysay ang __________________________ na nagbigay ng proteksyon sa mga magsasaka. Sa administrasyon ni Magsaysay naganap ang Manila International Conference of 1954 na nagbigay daan sa pagkakatatag ng SEATO o __________________________________________ noong Setyembre 8, 1954. Sa pamamagitan ng _____________________________________, napakinggan at nasolusyonan ni Magsaysay ang mga karaingan ng mga karaniwang tao.

| Aralin 6 | Mga Patakaran at Programa sa Panahon ng Administrasyon ni Pangulong Carlos P. Garcia (1957-1961) |
|---|---|



**Tuklasin**

**Mga Programang Ipinatupad ng Administrasyong Carlos P. Garcia (1957-1961)**



CARLOS P. GARCIA

Ang araw matapos ang malungkot na pagpanaw ni Magsaysay, ang pangalawang pangulong si Carlos P. Garcia ang siyang umupo bilang ikaapat na pangulo ng Ikatlong Republika. Tinapos niya ang huling termino ni Magsaysay at nanalo bilang pangulo pagkatapos. Ang pangalawang pangulo niyang si Diosdado Macapagal ng Partido Liberal at siyang naging unang pagkakataon na may magkaibang partido ang nakaupong pangulo at pangalawang pangulo. Gayunpaman, nakamit niya ang mga sumusunod:

**1. Filipino First Policy**

Ito ang isa sa mga batas na naipasa ni Pangulong Carlos P. Garcia. Naging mainit ang patakarang ito noong taong 1950. Ang "First Filipino Policy" o ang "Pilipino Muna" ay nagsasaad na dapat mas paboran at bigyang-halaga ang lakas paggawa ng mga Pilipino, mga produkto, at lalung-lalo na sa pagnenegosyo. Ipinatupad ang batas na ito dahil noong panahong iyon ay laganap at lumalaki ang bilang ng mga dayuhang negosyante sa ating bansa. Binigyang diin dito ang pagsuporta at pagtulong ng sector ng gobyerno sa mga Pilipinong negosyante.

Dahil sa batas na ito, tumaas at gumandaang resulta ng ekonomiya ng Pilipinas.Pero hindi nangangahulugan na hindi maaaring magtayo ng negosyo ang mga dayuhan dito sa ating bansa noong ipatupad ang First Filipino Policy. Maaari pa din silang maglagak ng puhunan sa pagnenegosyo ngunit ang pagmamay-ari ay may porsyetong 60-

40. Malaki ang naitulong ng batas na ito sa bawat mamamayang Pilipino, lalo na sa ating bansa. Dahil dito, natuto ang mga Pilipino na tumangkilik sasariling atin.

### 2. Austerity Program

Ang programang ito ay ipinatupad ni Pangulong Carlos P. Garcia upang mawalaang laganap na korapsyon sa gobyerno. Binigyang diin ng programang ito ang tamang paggastos, industriya, pagtitipid, pagtitiwala, dignidad, at pagkamatapat. Ipinaabot niya sa lahat ng mga Pilipino ang payo na iwasan ang pagbili ng mamahaling gamit at mamuhay ng simple lamang.

Nakatulong ang programang ito sa mga mamamayang Pilipino lalo na saadministrasyong Garcia. Dahil din sa programang ito, naibalik ng gobyerno ang tiwalang masa na nawala dahil sa naganap na malawakang korapsyon. Habang muling bumalik ang tiwala ng mga Pilipino sa gobyerno, ang resulta ng Austerity Program ay hindi matagumpay para sa administrasyong Garcia dahil ang nasabing programa ay mas napakinabangan ng sumunod na administrasyon.

### 3. Republic Cultural Award

Binuhay ni Pangulong Garcia ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gantimpala at parangal sa mga mahuhusay na Pilipino sa larangan ng sining, agham, at panitikan. Ang sikat na grupong Bayanihan ay kanya ipinadala sa ibang bansa upang ipakita ang iba't ibang katutubong sayaw ng mga Pilipino.

### 4. Anti-Communism

Inaprubahan ng Kongreso ng Pilipinas ang isang panukalang batas na nagbabawal sa Communist Party of the Philippines. Sa kabila ng pamimilit na ipinataw laban sa panukalang kongreso, nilagdaan ni Garcia ang nasabing panukalang Batas Republika Blg. 1700 noong Hunyo 19, 1957.

Ang Batas ng Republika Blg. 1700 ay pinalitan ng Batas ng Pangulo Bilang 885, na pinamagatang "Outlawing Subversive Organization, Penalizing Membership Therein and For Other Purposes." Ito ay binago ng Presidential Decree No. 1736, at kalaunan ay pinalitan ng Presidential Decree No. 1835, na pinamagatang, "Codifying The Various Laws on Anti-Subversion and Increasing the Penalties for Membership in Subversive Organization." Ito naman ay binago ng Batas ng Pangulo Blg. 1975. Noong Mayo 5, 1987, pinawalang bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 167 ang mga Batas ng Pangulo Blg 1835 at Blg. 1975. Noong Setyembre 22, 1992, ang Batas ng Republika Blg. 1700, na binago, ay pinawalang bisa ng Batas Republika Bilang 7636.

Ipinasa ni Carlos P Garcia ang mga batas na ito para gawing iligal ang mga organisasyon na naniniwala sa komunismo kagaya ng Philippine Communist Party.

5. **Bohlen Serrano Agreement**

Ang kasunduang ito ay ginawa upang iklian ang pagpapaupa sa mga Amerikanong base. Mula sa 99 na taon ay naging 25 taon na lamang ito at maari itong i*renew* kada limang taon.

6. **Association of Southeast Asia (ASA)**

Ipinagpatuloy rin ni Garcia ang pakikipag-ugnayan sa mga karatig-bansa sa Asya. Noong 1959, hinikayat nina Pangulong Garcia at Tungku Abdul Rahman ng Malaysia ang mga bansa sa Asya na bumuo ng isang samahan ngunit tanging Thailand lamang ang tumugon. Itinatag ng tatlong bansa ang Association of Southeast Asia (ASA) noong 1961.

**Buod ng Administrasyong Garcia**

- Binigyang pansin ni Garcia ang ekonomiya ng Pilipinas. Binigyan niya ng tsansa ang mga Pilipino sa sariling bansa.
- Itinaguyod niya ng Austerity Program upang mapuksa na ang korapsyon sa gobyerno para mabigyan ng tiwala ng mga Pilipino ang sariling gobyerno.
- Binuhay ni Pangulong Garcia ang kulturang Pilipino.
- Sa kanyang administrasyon unang nagkaroon ng pangulo at pangalawang pangulo na mula sa magkaibang partido politikal. Sa dulo ng kanyang administrasyon siya ay natalo kay Macapagal, ang pangalawang pangulo dahil hindi na napagtuunan ng maayos ang mga mahihirap na Pilipino.
- Bukod sa kanyang mga nagawa bilang makabansang politiko, si Garcia ay kilala rin na makata sa kanyang diyalektong Boholano. Namatay siya sa atake sa puso noong 14 Hunyo 1971 sa edad na 74.



## Suriin

Suriin ang mga naging suliranin at mga programa ng Administrasyong Garcia. Punan ang *chart* sa ibaba ng mga suliranin at hamong kinakaharap nito o ang mga programa at patakarang nailunsad bilang pagtugon sa mga natukoy na suliranin. Isulat ang sagot sa iyong *activity notebook.*

| Blg. | Mga Suliranin at Hamong Kinaharap | Mga Programa at Patakarang Nailunsad Bilang Pagtugon sa mga Suliranin at Hamon |
|---|---|---|
| 1 | | Filipino First Policy o Pilipino Muna |
| 2 | Maipatuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga karatig-bansa sa Asya. | |
| 3 | | Austerity Measures |
| 4 | | Anti-communism |
| 5 | Muling buhayin ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gantimpala at parangal sa mga mahuhusay na Pilipino sa larangan ng sining, agham, at panitikan | |



## Pagyamanin

**Gawain I.** Tukuyin kung ang mga sumusunod na pahayag ay nabibilang sa mga layunin ng mga programang ipinatupad ng Administrasyong Garcia. Isulat sa patlang ang tsek (✓) kung ito ay nabibilang at ekis (x) naman kung hindi.

_________1.) Maiangat ang kalagayang pangkabuhayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng Filipino First Policy o Pilipino Muna .


_________2.) Maitaguyod ang dignidad ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan hinggil sa usapin ng pagkakapantay-pantay.

_________3.) Maipamahagi o maipagbili ang mga lupaing sakahan sa mga kasamang magsasaka o sa mga walang lupang sinasaka.

_________4.) Matamo ang pagkakapantay-pantay ng kabuhayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng patas na pagpapahalaga sa agrikultura at industriya.

_________5.) Maitaguyod ang katarungang panlipunan at kagalingang panlahat. Mapigil, at kung maaari, ay mawakasan ang katiwalian sa pamahalaan.

**Gawain II**. Ang Filipino First Policy o Pilipino Muna ang pinakakilalang programa ng administrasyong Carlos P. Garcia. Suriin ang mga naging positibong epekto ng programang ito sa paglutas ng mga suliranin ng administrasyon. Punan ang tsart ng iyong sagot.




**Gawain III**. Magbahagi ng iyong sariling pananaw tungkol sa naging *Austerity Measures* ng Administrasyong Garcia. Isulat ang positibo at negatibong epekto nito sa loob ng T-chart.

| **Positibo** | **Negatibo** |
|---|---|
| 1. | 1. |
| | |
| 2. | 2. |



## Isaisip

Pagtambalin ang mga sumusunod na programang nailunsad ng Administrasyong Garcia sa mga layunin at suliraning sinulosyanan nito. Hanapin at bilugan sa loob ng kahon ang mga salitang kumakatawan sa mga layunin at suliranin. Isulat ang salitang nahanap sa angkop na patlang.

____________________1. Filipino First Policy

____________________2. Republic Cultural Award

____________________3. Association of Southeast Asia

____________________4. Anti-Communism

____________________5. Austerity Measures

___________________ 6. Bohlen Serrano Agreement

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | R | D | U | I | O | L | F | D | C | B | M | S | F | Q | W | X | C | P | H | H | V | X | M | R | F | H |
| B | A | S | E | M | I | L | I | T | A | R | N | G | A | M | E | R | I | K | A | M | G | H | Y | E | R | H |
| P | D | E | G | Y | P | U | D | S | I | P | S | K | E | O | E | M | C | E | K | T | R | M | D | T | Y | I |
| D | K | G | Q | M | O | T | G | N | S | I | P | A | K | I | K | I | P | A | G- | U | G | N | A | Y | A | N |
| B | O | L | P | C | R | D | K | L | T | M | L | L | P | T | I | O | H | H | L | N | H | G | I | G | B | O |
| E | M | G | E | L | P | K | A | T | I | W | A | L | I | A | N | Y | K | M | E | H | E | G | U | D | A | K |
| F | U | H | L | B | H | I | P | K | K | N | K | T | J | H | A | R | S | Z | G | C | J | A | R | T | G | U |
| Z | N | G | R | Y | K | U | K | G | L | B | R | S | D | O | T | S | D | G | J | Y | L | R | T | W | S | L |
| H | I | K | H | T | L | P | T | M | R | P | A | G- | A | Y | S | B | G | I | G | F | Q | C | A | H | U | T |
| M | S | X | F | W | D | J | Y | D | G | K | G | B | H | P | O | L | N | G | P | K | U | I | H | K | B | U |
| C | M | Z | P | A | G | K | A | K | A | P | A | N | T | A | Y | P | A | N | T | A | Y | A | K | H | O | R |
| K | O | E | V | R | T | A | L | M | Z | J | T | D | M | T | H | N | T | S | Q | G | Z | S | G | N | K | A |
| K | K | N | K | T | J | H | A | R | D | G | K | L | D | I | L | O | S | E | R | T | B | N | M | K | A | W |
| S | U | H | L | B | H | I | G | W | D | E | R | G | H | D | A | R | S | Z | G | C | J | A | R | T | G | I |



## Gawain

Magbigay ng sariling pananaw/saloobin/opinyon sa mga katanungan sa ibaba. Maari mong hingin ang ideya ng nakakatanda mong kasama sa bahay o magsaliksik kung kinakailangan. Gawin ito sa iyong *activity notebook*.

1. Sa iyong palagay, bakit naging sentro ng pamamahala ni Pangulong Carlos P. Garcia ang pagtitipid? Mabisang paraan ba ang pagtitipid sa pamamahala ng bansa?
2. Sa iyong opinyon, ano ang ginagawa ng pamahalaan kung ito ay nagtitipid? Magbigay ng isang halimbawa.
3. Kung ikaw ang naging Presidente ng bansa noong panahon ni Pangulong Garcia, ipapatupad mo rin ba ang Austerity Measures upang malutas ang suliraning pangkabuhayan ng bansa? Bakit?
4. Bakit dapat bigyang-halaga ang lakas paggawa at mga produkto Pilipino sa ating bansa?
5. Alin sa mga programa ng Administrasyong Garcia ang pinakatumatak sa iyo? Bakit?



## Tayahin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ng titik ng tamang sagot sa *activity notebook.*

1. Alin sa mga sumusunod ang hindi nabibilang sa mga suliraning kinaharap ng Administrasyong Garcia?
   A. pagkakapantay-pantay C. katiwalian
   B. relihiyon D. komunismo
2. Anong bansa sa Silangang Asya ang tumugon sa hangarin ni Garcia na bumuo ng samahan na makakapagpapatuloy sa pakikipag-ugnayan sa mga karatig bansa?
   A. Indonesia C. China
   B. Vietnam D. Thailand
3. Anong panukalang batas ang nilagdaan noong Hunyo 19, 1957 na nagbabawal sa Communist Party of the Philippines?
   A. Batas Republika Blg. 1700 C. Batas ng Pangulo Blg. 887
   B. Batas Republika Blg. 171 D. Batas ng Pangulo Blg 558
4. Alin sa mga sumusunod ang nabibilang sa mga layunin ng mga programa na ipinatupad ng Administrasyong Garcia?
   a. Pamamahagi o pagbibili ng mga lupaing sakahan sa mga kasamang magsasaka o sa mga walang lupang sinasala.
   b. Pagbibigay ng pautang sa mga magsasaka, pagsasaayos ng mga daan at tulay, at paglalaan ng tulong teknikal upang mapalaki ang produksyon.
   c. Maitaguyod ang dignidad ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan hinggil sa usapin ng pagkakapantay-pantay.
   d. Malawakang pagpapaunlad ng lingkurang-bayan sa mga baryo.
5. Sa kasunduang Bohlen-Serano, hanggang ilang taon nalang mula 99 pwedeng umupa ang base militar ng Amerika dito sa Pilipinas?
   A. 55 taon C. 35 taon
   B. 50 taon D. 25 taon
6. Isa ang komunismo sa naging suliranin ng Administrasyong Garcia, alin sa mga sumusunod ang organisyasyon na nais gawing ilegal ng kanyang administrasyon?
   A. Philippine Communism
   B. Philippine Communist Party
   C. Communism Party of the Philippines
   D. Communist Group of the Phils.

7. Anong programa ang ipinatupad upang muling buyahin ang larangan ng kultura sa Pilipinas?

A. Filipino First Policy
C. Bohlen-Serano Agreement
B. Austerity Measures
D. Republic Cultural Award

8. Paano naipagpatuloy ni Pangulong Garcia ang pakikipag-ugnayan sa mga karatig bansa?

A. Sa pamamagitan ng pagbuo ng samahan
B. Sa pamamagitan ng patakarang Pilipino Muna
C. Sa pamamagitan ng pagbuo ng organisasyong naniniwala sa komunismo
D. Sa pamamagitan ng pagpapaikli ng taon sa pagpapaupa ng base militar

9. Anong samahan ang nabuo matapos tumugon ang Thailand sa paghikayat ni Pangulong
Garcia kasama si Tungku Abdul Rahman ng Malaysia sa mga bansa sa Asya?

A. Association of Southeast Asian Countries
B. Association of Southeast Asia
C. Southeast Asian Countries Association
D. Southern Countries Association

10. Paano sinulosyunan ng Administrasyong Garcia ang laganap at lumalaki nang bilang ng mga dayuhang negosyante sa ating bansa?

A. Hinikayat niya ang mga karatig bansa na bumuo ng samahan.
B. Ipinatupad niya ang Filipino First Policy.
C. Pag-apruba ng panukalang batas na laban sa Communist Party of the Philippines.
D. Pagbuhay ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gantimpala.

11. Anong kasunduan ang ipinatupad upang paikisiin ang pananatili ng base militar ng Amerika dito sa Pilipinas?

A. Kasunduan sa Biak na Bato
C. Bohlen-Serano Agreement
B. Kasunduang Bates
D. Kasunduang Laurel-Langley

12. Base sa polisiyang Pilipino Muna, alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang natutunan ng mga Pilipino?

A. Pakikipag-ugnayan
C. Pagtangkilik sa sariling atin
B. Pakikipaglaban
D. Pagiging bukas sa dayuhan

13. Sino ang nagbigay halaga sa kulturang Pilipino sa paamagitan ng pagdaraos ng taunang Republic Cultural Herritage Awards?

A. Manuel Roxas
C. Diosdado Macapagal
B. Ramon Magsaysay
D. Carlos Garcia

14. Ang pagpapatupad ng programang ito ang dahilan ng pagkakatuto ang mga Pilpino sa matipid na pamumuhay.

A. Filipino First Policy
B. Austerity Measures
C. Republic Cultural Award
D. Philippine Trade Act

15. Binigyang prayoridad ng programang ito ang mga Pilipino na pagyamanin ang likas na yaman ng bansa.

A. Anti-communism
B. Philippine Trade Act
C. Agricultural Land Reform Code
D. Filipino First Policy

16. Sa pamamagitan ng paglulunsad ng programang may kaugnayan sa pagtatayo ng base militar ng Amerika sa bansa na inilunsad ni Garcia, ang dating _____ taon ay napaiksi na lamang ng 25 taon.

A. 100 B. 99 C. 98 D. 97

17. Alin sa mga sumusunod na patakaran at programa ang hindi nabibilang sa mga ipinatupad ng Administrasyong Garcia?

A. Agricultural Land Reform Code
B. Republic Cultural Award
C. Pilipino Muna
D. Bohlen Serrano Agreement

18. Ang mga sumusunod ay nabibilang sa mga layunin ng mga programa at patakarang ipinatupad ng Administrasyong Garcia maliban sa isa:

A. Maiangat ang kalagayang pangkabuhayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng Filipino First Policy o Pilipino Muna .
B. Maitaguyod ang dignidad ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan hinggil sa usapin ng pagkakapantay-pantay.
C. Matamo ang pagkakapantay-pantay ng kabuhayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng patas na pagpapahalaga sa agrikultura at industriya.
D. Pagbibigay ng pautang sa mga magsasaka, pagsasaayos ng mga daan at tulay, at paglalaan ng tulong teknikal upang mapalaki ang produksyon.

19. Kailan naitatag ang Association of Southeast Asia na binubuo ng Malaysia, Thailand at Pilipinas?

A. 1961 B. 1960 C. 1959 D. 1958

20. Isa sa naging sentro ng mga programa ni Pangulong Garcia ang muling buhayin ang kulturang Pilipino, anong sikat na grupo ang kanyang ipinadala sa ibang bansa upang ipakita ang iba't ibang katutubong sayaw ng mga Pilipino?

A. Bayanihan
B. XB Gensan
C. El Gama Penumbra
D. LIKHA Pilipino Folk Ensemble



## Karagdagang Gawain

Pumili ng isang programa o patakarang ipinatupad sa panahon ng Administrasyong Garcia na pinakatumatak sa iyo. Gamit ang pamantayan sa ibaba, sumulat ng dalawang talata ukol rito. Sa unang talata ay ilarawan muna ang programa o patakaran at sa ikalawa naman ay ihayag ang naging positibong epekto nito sa mga Pilipino at sa bansa, Maari kang magsaliksik o magtanong sa iyong mga nakakatanda ukol dito at pagtapos ay ihayag ito sa pamamagitan ng pagbuo ng talata base sa iyong naintindihan.

| **Pamantayan** | **Iskala** |
|---|---|
| Nilalaman | 5 |
| Organisasyon | 5 |
| Wastong Baybay at Bantas | 5 |
| *Kabuuan* | *15* |

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

__________.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________


________________________________________________________________________

______________________________.



## Karagdagang Gawain

**A.** Gamit ang Venn diagram, ihayag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga naging sentro ng programa ng Administrasyong Garcia sa kasalukuyang administrayon ni Pangulong Duterte. Maari kang magsaliksik o magtanong sa iyong mga nakakatanda ukol dito.




**B.** Ano ang mmga naging epekto sa mga Pilipino ng mga sumusunod na programa, samahan at patakaran na naipatupad sa panahon ng Administrasyong Garcia?

1. Anti-communism

   ______________________________________________________________

   _______________________________________________________.

2. Republic Cultural Award

   ______________________________________________________________

   _______________________________________________________.

3. Association of Southeast Asia

   ______________________________________________________________

   _______________________________________________________.

## Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

| | |
|---|---|
| 1. B | 11. C |
| 2. D | 12. C |
| 3. A | 13. D |
| 4. C | 14. B |
| 5. D | 15. D |
| 6. B | 16. B |
| 7. D | 17. A |
| 8. A | 18. D |
| 9. B | 19. A |
| 10. B | 20. A |

**Pagyamanin**

1. ✓
2. ✓
3. X
4. ✓
5. ✓

**Suriin**

1. Laganap at lumalaki ang bilang ng mga dayuhang negosyante sa ating bansa.
2. Association of Southeast Asia (ASA)
3. Lumalalang suliraning pangkabuhayan ng bansa kaya isinentro ang lahat ng programa ng administrasyon sa pagtitipid.
4. Pagkakatatag ng mga organisasyon na naniniwala sa komunismo kagaya ng Philippine Communist Party.

**Isaisip**

1. pagkakapantay-pantay
2. kultura
3. pakikipag-ugnayan
4. komunismo
5. katiwalian

**Balikan**

1. Huk
2. Agricultural Tenancy Act
3. South East Asian Treaty Organization
4. Presidential Complaints and Action Committee

## Sanggunian


Balita Online. Pangulong Carlos P. Garcia: 'Istriktong mga Programa, Pilipino Muna, Pagpapasigla sa Kultura, http://balita.net.ph/2015/11/04/pangulong-carlos-p-garcia-istriktong-mga-programa-pilipino-muna-pagpapasigla-sa-kultura/. Accessed 08 December 2020.

EASE Modyul 16: Mga Pagbabago sa Iba't-ibang Pamamahala (2014). Copyright DepEd Central Office.

Paluay, Alvenia. Makabayan: Kasaysayang Pilipino 5

Wikipedia. Carlos P. Garcia. Retrieved from https://en.wikipedia.org/wiki/Carlos_P._Garcia

ProProfs Quizzes. Retrieved from https://www.proprofs.com/quiz-school/quizshow.php?title=science-quiz-2_131X&q=29

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.